# Mga ekskursiyon sa araw at magdamagang ekskursiyon sa paaralan

Maraming kailangang matutunan ang mga mag-aaral sa paaralan na may kinalaman sa asignatura at mga kasanayang panlipunan. Minsan, ang pinakamaiging lugar para matuto ay sa labas ng silid-aralan.





Halimbawa, maaaring makatuwirang bumisita sa isang museo na may eksibit na may kaugnayan sa paksang pinag-aaralan ng mga mag-aaral. Kung ang paksa ay mga isda at buhay sa dagat, maaaring maganda na gugulin ang klase sa tabing-dagat na dala ang mga kagamitan sa pangingisda. Kapag kagubatan ang pag-aaralan ng mga mag-aaral, magandang ideya na gugulin ang araw sa kagubatan. Ang mga natutunan ng mga mag-aaral sa mga ekskursiyon na ito ay magandang panimula para sa karagdagang gawain sa paaralan.





Ang pagtuturo sa labas ng silid-aralan ay maaaring magbigay ng mas magagandang pagkakataon para matuto ng mga praktikal na kasanayan kasama ang mga kamag-aral. Sa mga ekskursiyon, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na tuklasin ang mga pamilyar at hindi pamilyar na kapaligiran. Hinaharap nila ang mga hamon sa paraan na tiwasay ang kapaligiran, at nagagawa nilang ipakita ang iba't ibang aspeto ng kanilang sarili. Bukod sa marami silang natutunan sa iba't ibang ekskursiyon, ito rin ay magandang pagkakataon upang makilala nila ang isa't isa sa ibang paraan kaysa sa karaniwang nangyayari sa paaralan.

Brosjyren er laget av Nasjonalt senter for flerkulturell opplæring i samarbeid med Utdanningsdirektoratet. Illustrasjonene er laget av Redant

# Kamping na paaralan

Ang lahat ng mag-aaral sa Norway ay binibigyan ng pagkakataong sumali sa kamping habang sila ay nasa mababang paaralan. Ang mga mag-aaral at ang kanilang kilalang guro ay magkakasamang bibiyahe para magkamping upang matuto ng mga bagong bagay. Sa kamping na ito ay mayroon ding sariling mga guro na may maraming alam tungkol sa lugar na pinagkakampingan at tungkol sa mga aktibidad na lalahukan ng mga mag-aaral. Ang mga aktibidad sa kamping na paaralan ay maigi para sa kalusugan, nakakatuwa at nagbibigay-edukasyon. Marami sa mga natututunan at nararanasan sa kamping na paaralan ay magagamit ng mga mag-aaral at mananatili sa kanilang alaala habambuhay.





Kapag ang mga klase ay pumupunta sa kamping na paaralan o sa iba pang magdamagang ekskursiyon, ang mga lalaki ay natutulog sa isang bahagi ng dormitoryo, at ang mga babae ay sa iba naman, kadalasang sila ay nasa magkaibang palapag. Responsibilidad ng mga guro na tahimik at maayos ang mga kuwarto. Ginagawa ito para panatag ang kalooban ng mga mag-aaral at kaaya-aya ang kanilang karanasan. Lahat ng mag-aaral ay dapat makaramdam na sila ay ligtas at may seguridad sa mga ekskursiyon.





Maraming mag-aaral na maaaring may iba't ibang pangangailangan sa pagkain. Isinasaalang-alang ito ng paaralan. Responsibilidad din ng paaralan na tiyakin ang seguridad ng mga mag-aaral.

Ang mga ekskursiyon na inoorganisa ng paaralan ay libre. Maraming paaralan at kamping na paaralan ang may kagamitan na maaaring hiramin ng mga mag-aaral.

Kausapin ang mga guro kung mayroon kang anumang mga tanung tungkol sa mga ekskursiyon o kamping na paaralan. Kausapin din sila kung ang iyong anak ay may espesyal na pangangailangan na dapat isaalang-alang ng paaralan.

Brosjyren er laget av Nasjonalt senter for flerkulturell opplæring i samarbeid med Utdanningsdirektoratet. Illustrasjonene er laget av Redant